PANGULONG TUDLING

# SIKOLOHIYA NG KABATAAN

Ang buhay ay paglalarawang tuloy-tuloy. ng isang landas ng pagbabago at pagkakasundo sa ating paligid. Ang isang bagong silang na sanggol ay nakaharap sa mga suliranin sa paligid niya habang lumalaki,mula sa sinapupunan ng kanyang ina hanggang sa mga sosyal at pisikal na paligid niya. At sa kanyang paglabas mula sa sinapupunan ng kanyang ina mga bagong suliranin ang dumarating, at lalabas ang mas maraming pangangailangan at kagustuhan. Ang mga pamamaraang natutuhan ng bata upang harapin ang mga kabiguan ay mahalagang-mahalaga sa kanyang paglaki.

Sa ating kultura, ang paglaki natin ay sinasabayan ng mga tawag ng ating pangangailangan araw-araw. Una, ang tao ay kinakailangang tumanggap ng mas maraming mga responsibilidad upang makamtan ang tumutubong kalayaan. Pangalawa, kinakailangan magkaroon siya ng pagbabago mula sa interes niya sa mga gawaing panlipunan hanggang sa mga interes sa mga kasama niya sa kabilang kasarian. Ikatlo, kinakailangang maintindihan at ipagkasundo ang kanyang sarili sa kanyang sarili ring mga kakayahan at hangganan. Ika-apat, kinakailangang matuto siyang humarap ng katotohanan sa pangaraw-araw na mga pangyayari. Ang panahon ng kabataan ay isang mapanganib na panahon para sa kalusugang mental at pisikal. Maraming mga panganib ang dumarating sa panahong ito at ang isang binatilyo ay nangangailangan ng pamamatnubay sa kanilang pagharap nito. Ang kabataan ay itinuturing na gintong panahon ng kalusugang-pag-iisip. Ang mga ugaling lubhang-mahalaga upang magkaroon ng mabuting pagkakasundo sa kanilang paligid ay ginagawa sa panahong ito.

Ang tunay na karakter at personalidad ng isang makabagong-tubo ay nasasalig sa kanilang pamumuhay sa tahanan, sa kanilang kapantay, at sa lipunan.

## KABATAAN SA TAHANAN

Ang panahon ng isang bata sa kanilang tahanan ay nagiging saligan sa tiyak na uri ng buhay niya paglaki. Ang mga panahong iyan ang siyang magiging lakas sa paghubog ng isang tao upang magiging karapat-dapat na bahagi sa lipunang titirhan niya. Minsan, ang pamamaraan ng paghubog ay kulang, at kaya, madadala ng isang bata ang kanyang mga ugaling-bata hanggang sa siya'y lumaki.

Mahalagang pagkakaiba ang masisilayan sa mga pamamaraang ginagamit ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ang mga dahilan ng pagkakaiba at hindi pagkakaunawa ng mga anak at magulang ay marami, nguni't ang pinakamalaki ay ang pagkukulang ng mga magulang ng pangunawang-lubos na ang anak nila ay lumalaki. Nandiyan rin ang ugali ng mga magulang na ipapasunod ng husto ang mga para sa kanila'y tamang pamamaraang-asal at disiplina, para sa kanilang mga anak. Ang isang anak ay maaring masunurin at sakim sa bubong ng kayamanan; ang isang anak na babae'y lumalaking walang responsibilidad sa pamamahala ng isang napaka-istriktong ama; ang isang bugtong na anak ay lalaki sa layaw sa malabis na pagmamahal ng isang tiyahin o lolo.

Ang mga huwarang-sosyal mula sa isang tahanan ay may malaking lakas at bisa sa pag-uunlad ng buhay-sosyal at damdamin ng isang bata kapag siya'y malaki na.

## KABATAAN SA KANYANG KAPANTAY

Ang pagtamo ng isang kasiya-siyang papel sa bawa't isang kapantay ng tao ay isang gawaing haharapin niya sa kanyang pagkilos at paglabas sapul sa kabataan hanggang sa siya'y lumaki. Ang kabiguang makamtan ang papel na ito'y nagbibigay ng malubhang suliranin sa isang batang lumalaki. Ang mga sumusunod ay mga mahalagang bagay na may relasyon sa pamumuhay ng tao sa kanyang mga kapantay:

1. Ang bata'y nangangailangan ng sangguni sa mga kaibigan niya.
2. Ang halaga ng sangguning ito'y lumalaki habang lumalaki ang isang bata.
3. Ang mga kabataan ay mahilig tumulad sa kanilang mga kapantay.
4. Ang magandang relasyon ng bawa't isang magkapantay na mga bata ay ang siyang tiyak na saligan ng kanilang relasyon hanggang sila'y maging binatilyo at hanggang tumanda.
5. Ang unang mga taon ng isang binatilyo ay sinasabayan ng iba't-ibang mga pagtitipon at ang mga pagtitipong ito'y may mahalagang bahagi sa pagbibigay ng mga kakailanganin niya sa kanyang paglaki.

## KABATAAN SA LIPUNAN

Ang mga sosyal at ikonomikong pagbabago ay humahantong sa mas malalim na pagbabago ng mga pagtatag at mga kagawaan ng pamayanan. Ang humahabang panahon nang walang gawain ang mga kabataan ay nagbibigay ng hamon sa kanilang sarili upang sila'y makapagbibigay ng mga libangang oportunidad at mas mahusay na pamamatnubay sa lipunan, lalo na sa kanilang paglaki.

*(continued on page 43)*

**IN THE PHILIPPINES....**
*(continued from page 35)*

largest non-life insurance companies in the Philippines are owned by 17 American companies. The first City Bank of New York and the Bank of America, two of the .biggest four banks in the country, are completely owned by American capitalists. The American Procter and Gamble and Colgate-Palmolive dominate the clocal soap and cosmetic industries. Many more can be cited. The list surely is more than enough to prove how much the U. S. capitalists control our country's economy.

It might be footnoted that while the Filipino and Chinese business establishments are numerically greater than the American businesses, these Filipino and Chinese enterprises are mere distributors, packagers, assemblers, bottlers, and licensed makers of American products.

American neo-colonial tactics

American imperialism has maintained its neo-colonial domination of the Philippines through cultural, educational, economic, political and other means. Culturally, the Americans bring into the Philippines cultural programs designed to insure the continuing Americanization of our country. Educationally, the aAmericans send study programs intended to promote "agricultural development" in the country. Thus, at the U.P. Cornell University has worked hand in hand with the College of Agriculture. Economically, the Americans pamper the feudal lords so that they would produce more products for the American factories.

The most effective of them, so far is control of the country through political means. The U.S. every election supports candidates whom it can make its puppets or its tools in perpetrating its imperialistic activities in the country. During a presidential election in the 1950's for instance, the U.S. openly supported a chosen presidential candidate. To ensure his victory, the U.S. did not only give him financial aid but also militia-assistance. During the election, the U.S. Seventh Fleet was in the waters of Manila Bay prepared to trigger off a military coup d'etat in the Philippines in case the candidates would lose the election. The candidate won, but did not live long enough to serve the Americans. American intervention in Philippine politics was repeated similarly in succeeding elections.

Thus, today we have a government that serves more the interests of the United States than the Philippines'. One proof of this is the infamous PHILCAG affair. Another, the latest, is the imposition of the floating rate. Devaluation is bad for the Philippine economy. Yet we devalued. Why? because it is good for the American interests. Before the devaluation, an American dollar could purchase only P4.00 worth of our goods and services. Now after the devaluation, the same dollar could purchase P6.00 worth of them.

Alejandro Lichauco, an economist and not a neo-colonial political science instructor, wrote in this article published in the Sept. 19 issue of the Free Press that "while devaluation favors overseas American business, it has wreaked havoc on our people and has made it more costly and difficult for Filipinos to industrialize." That's who our government serves the Americans and tortures our own people.

Conclusion

Indeed, there is American imperialism in the Philippines. Many of us tend to deny it because of the so-called American "aids" to our country. Actually, these aids are payments of the destruction the Americans brought to our country in the last global war. Furthermore, if we look deeper into the matter, these "aids" are given to step-up agricultural development and make the Philippines a perpetual supplier of raw materials to the United States. Thus, we have such "aids" from the "good" Americans like fertilizers, farm machineries, tractors and other farm equipment. What's very ironic here is that for these payments or "aids" we have given unequal treaties with the U.S., free trade, decontrol (as in the time of Pres. Macapagal), devaluation and other economic policies which are among the roots of our social disease and economic crisis today.

Philippine population is rapidly increasing. Every twenty seconds a Filipino is born to be fed Unless the Philippines economy is improved, many Filipinos will die of malnutrition. In order to industrialize, we have to cauterize American imperialism in the Philippines.

**SIKOLIHIYA NG......**
*(continued from page 37)*

Ang ilang mga kapiraso ng tabla, kaunting pandikit at mga pako ay hindi natin masasabing isang mesa na. Gayon din, ang lipon ng kabataan-babae at lalake-ay hindi isang lipunan. Kung kailangan mang may tunay na pamayanan, kinakailangang mayroon silang interes at pangangailangan kumon, pagtitiwala at pag-uunawaan sa bawa't isa, pagtitipon at paghahati ng pook na kumon. Minsan, sa isang katha ni Morgan tungkol dito, sinabi niya na: "Sa isang tunay na pamayanan, ang mga gawain ay ipinaghati sa gayung uri ng tao. Ang ganitong pagkakaisa ay humahantong sa pinakamalalim na gamot ng sosyedad at mas malakas na pag-uugnay ng iba't-ibang uri ng personalidad."

Dapat isasa-isip na huwag sayangin ang panahon; datapwa't ito'y gagamiting isang tulay upang maangkin ang kalusugan, moralidad at kakayahan ng isang tao.

PAGTATAPOS

Kaya, ang pag-uunlad ng mga interes, pangarap at pagpapahalagang kakailanganin ng kabataan sa kanilang maligaya at may pagkakaisang-himig na pamumuhay sa isang demokratikong lipunan ay nangangailangan ng mas mahigit pa sa mga takdang-aralin ng paaralan at mas mahigit pa sa paniniwalang pampulitika at rehiliyon. Ito'y nangangailangan ng pagkakaisa sa mga tao't lipunang nararapat.

Maraming mga taong nakalimot na lamang sa kanilang pagmimithi, mga magagandang asal at mga interes noong panahon ng kanilang kabataan. Sila'y mga bigo sa kanilang modernong paglaki ngayon. Bakit? Sapagka't sa ganitong bahagi ng buhay nila'y hindi nila masyadong maintindihan ang sarili nila; sila'y walang sikuridad at hindi pa lubusang hinog ang mga pag-iisip nila. Kung magawa lamang nating tingnan at unawaing lubos ang mga kabataang ito'y magkakaroon tayo ng pag-asa at pagtitiwala sa kanilang kinabukasan. Ito'y kung . . . at kung lamang . .

ANICETA GODINEZ
BSE 3